# Ang Pagsulat

*Joseph C. Eco, EdD*

Ang tangi kong alam ay ang pagsulat
kahit pa ang ang kurba ng sulat
ay 'di maintindihan.

Ang tangi kong tayog ay ang taas rin ng pluma
na siyang mababa ngunit sapat
upang maikatha ang taas ng langit.

Hindi ako susulat sa pagnanasang maintindihan
o sa paghahangad ng higit pa
bagkus ay susulat ako upang madiligan ang panunuyo.

At sa mga titik na ipahahalik sa papel
ay aking hahayaang ibigin ako ng gunita
at ng mayakap ko ang pangamba ng hinaharap.

Ang pagsulat ko ay walang dahilan
na siyang magtatayo sa mga nangamatay na
o magpapahiga sa mga lumalanghap pa rin.

Dahil ang aking pagsulat ay ang aking tawag
na higit kong pahahalagagan
sa ibabaw ng lupang kinatutungkuran.
Palawan.